3

PROPOSISYON

# 3 KONSTITUSYONAL NA KARAPATANG IKASAL. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.

## OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 75 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Inaamyendahan ang Konstitusyon ng California upang kilalanin ang pundamental na karapatang magpakasal, anuman ang kasarian o lahi.
- Tinatanggal ang wika sa Konstitusyon ng California na nagsasaad na ang kasal ay sa pagitan lang ng lalaki at babae.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Walang pagbabago sa mga kita o gastos para sa mga pamahalaang pang-estado at lokal.

PINAL NA BOTO NG LEHISLATURA SA ACA 5 (PROPOSISYON 3)
(KABANATA 125, MGA BATAS NG 2023)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 31 | Mga Hindi 0 |
| Asembleya | Mga Oo 67 | Mga Hindi 0 |

**PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI**

## PINAGMULAN

Sinabi ng mga pederal na korte na ang mga nagtataglay ng magkatulad na kasarian ay maaaring magpakasal, ngunit ang lipas na sa panahon na pananalita sa Konstitusyon ng California ay nagsasabi pa rin na ang kasal ay maaari lamang sa pagitan ng isang lalaki at isang babae.

## MUNGKAHI

Isinasapanahon ng Proposisyon 3 ang Konstitusyon upang itugma sa sinabi ng mga pederal na korte tungkol sa kung sino ang maaaring magpakasal.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Hindi babaguhin ng Proposisyon 3 kung sino ang pinapayagang magpakasal sa California. Nangangahulugan ito na hindi magkakaroon ng pagbabago sa mga kita o gastos ng estado at lokal na pamahalaan.

**Bisitahin ang *sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.**

**Bisitahin ang *fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.**

Para sa buong teksto ng Proposisyon 3, tingnan ang pahina 75.